INIHAHANDOG NG ARMAS-TK ANG

# DRAMA AT PAKIKIBAKA SA BRGY. MASIGLA




Sa isang papulong ng 4T's Ayuda...
4T's AYUDA
AY NAKU, KIKAY. KULANG NA KULANG ANG PADALA MO SA PANGGATAS PA LAANG NI BABY JOMS. HINDI NAMAN AKO MAKA-SAYDLAYN AT BUSY KAMI SA LABAN NATIN SA LUPA. SI KALOY NA LAANG ANG NAIIWAN SA LUKARAN.
PASENSYA NA TALAGA, 'NAY. TULOY PA ANG PIKET NAMIN. AYAW BUMIGAY NG ADMIN. BAKA SA MAKALAWA, MAKAHIRAM AKO SA IBANG MGA KASAMAHAN.
GANUN BA? SIGE, TIIS MUNA. GUDLAK SA 'TIN, ANAK!
COLLECTION BOX
Samantala, tuloy ang trabaho ng taumbaryo sa kanilang mga lukaran. Nang isang tahimik at mainit na hapon...
UY KALOY, NAGTEXT SI ALDRIN. NAKITA DAW NYA SA PEYSNUK SI TATAY KIKO. ANG GALING DAW. BILIN NYA CHECK MO DAW CP MO.
AY, OO NGA PALA! SIGE. AKO NA BAHALA SA MOKONG.
TEKA TOL, ANO 'YUN? TINGNAN MO!
SUNOOOOOOOOOOOOG!




NAGTULUNG-TULONG ANG SAMAHAN SA PAGHARAP SA SUNOG. NAGTOKAHAN SILA KUNG SINO ANG MAGSASALBA NG MGA GAMIT, MAG-AAPULA SA SUNOG AT MAGLILIGTAS NG MGA MATATANDA AT BATA.











BLAAAG!
TULOOONG! SI KIKO!
IKINASAWI NI MANG KIKO ANG PAGLILIGTAS SA KANYANG MGA KABABARYO SA SUNOG...
NAGBIGAY-PUGAY SA ISANG MARTSA-LIBING ANG BUONG BARANGAY HANGGANG SA HULING HANTUNGAN NI MANG KIKO.
TAY. PANGAKO, ITUTULOY NAMIN ANG LABAN. HINDI MASASAYANG ANG IYONG SINIMULAN.
SA PAGPANAW NI TATAY KIKO, NADAGDAGAN ANG GALIT AT PAGKAMUHI NG MGA MAGSASAKA KINA DON ROMAN AT MEYOR. HUMATAK NG ATENSYON HANGGANG SA BUONG BANSA ANG WALANG PUSONG PANUNUNOG AT ANG PAGLABAN NG MGA TAGA-BRGY. MASIGLA.


Sa isang Pisonet...
PISO NET
PISO NET
Trending sa peysnuk o. Grabe si Don Roman! Napakasama n'ya!
483,523 views
Share natin 'yan!
Parang apoy na kumalat ang balita sa mga komunidad, social media at iba pa. Maging sa mga eskwelahan, naging maingay na usap-usapan ang karahasan ng mga tauhan ni Don Roman sa Brgy. Masigla. Sa pamamagitan ng mga kaklase ni Tintin sa Journalism, naging malaking balita maging sa malalaking TV network ang pangyayari.
GMS NEWS
Hanggang sa sentrong bayan...
TIAONG MUNICIPAL HALL
MILITAR SA BARYO PALAYASIN
HUSTISYA PARA SA PAGKAMATAY NI KIKO!
HUSTISYA PARA SA PAGKAMATAY NI KIKO!
TUNAY NA REPORMA SA LUPA
ITIGIL ANG DEMOLISYON



SA ISANG ASSEMBLY SA BRGY. MARIKIT, KARATIG NG BRGY. MASIGLA...
TINATAWAGAN NATIN ANG LIDER NG SMBM, SI GINOONG GREGORIO SERRANO!
KA GORYO, IKWENTO N'YO HO KUNG PAANO DINAHAS ANG INYONG BARYO.
TENKYU MADAM! MAGAGANDA AT MATATAPANG PALA ANG MGA TAGA-MARIKIT!
ANG HUSTISYA PARA KAY PARENG KIKO AY ANG PAGTUTULOY NATIN NG LABAN PARA SA LUPA! IPAGTATANGGOL NATIN ITO KAY DON ROMAN, KAY MEYOR AT KAHIT PA KAY BONGBONG MARCOS!
TIAONG NATIONAL HIGH
TUNAY NA REPORMA SA LUPA, IPAGLABAN!
LUMAHOK ANG BRGY. MASIGLA, SA ISANG MALAKING KILOS-PROTESTA SA KAPITOLYO. DITO, NAGSAMA-SAMA ANG SEKTOR NG MGA MANGGAGAWA, MAGSASAKA, KABATAAN, KABABAIHAN AT IBA PA.


ATEEEE! ANDITO KA RIN PALA!
OO, E ANDITO ANG UNYON NAMIN. MARAMI PALA AKONG KABABAYAN SA KWYET-LESLIE.
ATE, GIRLFRIEND KO PALA, SI QUEENIE.
HELLO PO, ATE!
E BAKIT SA NANAY, HINDI IPINAPAKILALA?!
AY, HELLOOOO! BAGAY KAYO HA?
HMMP! KAY QUEENIE NA LANG AKO MAGPAPALIBRE!
SORRY NA 'NAY... MAMAYA IBIBILI KO KAYO NG TOASTED SIOPAO.
HAYAAN MO LANG SILA. GANYAN LANG TALAGA ANG MAG-INANG 'YAN.
E NASAAN ANG KUYA MO?
EWAN. 'DI MAHAGILAP. BAKA JUMOJOWA!


SAMANTALA...
TING!
ALDRIN
Edit
tol? ano handa kna sa date ninyo ni berna?
ou,mya kta kmi...
SIM 1
SIM 2
TAMANG-TAMA!
KA BERNA, NAKUMPLETO KO NA ASSIGNMENT KO!


SALAMAT, KAMI NA'NG BAHALA!
ANONG KAYO LANG?!
SASAMA AKO!
PRE, OKAY NA!
ISANG KILUSANG MASA ANG TAKTIKAL NA OPENSIBA NA PINAGHANDAAN NG YUNIT NG BHB NA PINAMUMUNUAN NI KA NIK.
WALANG ABERYA DITO, OVER!
04:27
Kuya Jay
Anjan na pasahero mo tol.
Reply
TAGAY PAAAA!


HANDA!
BOOM!
DURUGIN ANG KAAWAY!
PRAAAAK!
PAK!
PAK!
PANG!
AAGH!
SUKO NA KAMI!
SAMSAMIN ANG MGA ARMAS!


Nagbunyi ang mga mamamayan, hindi lamang sa Brgy. Masigla kundi pati sa mga karatig na baryo na apektado ng pangangamkam ng lupa ni Don Roman at panggigipit ng lokal na gubyerno.
Nagawa natin, kasama!
Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan!
Tuloy ang buhay at pakikibaka ng mga taga-Brgy. Masigla matapos ang matagumpay na ambus ng Bagong Hukbong Bayan sa mersenaryong AFP at goons ni Don Roman.
TUNAY NA REPORMA SA LUPA
SMBM
ASSEMBL
Sa pamumuno ni Tatay Goryo bilang bagong tagapangulo, tuloy ang laban ng SMBM para sa lupa, kabuhayan at panirikan. Pangunahin niyang katuwang sa samahan sina Nanay Nelya at Nanay Patring.
Samantala, nagsa-sideline na sa pagtu-tutor si Tintin habang nagpapatuloy ng kanyang kursong Journalism. Nagsisikap siyang makatulong sa panustos kay Baby Joms habang tuloy ang panawagan nina Kikay na makatarungang dagdag-sahod at kundisyon sa paggawa sa kapitalista ng Kwyet-Leslie.


Sa bahay ng mga Dela Cruz...
Dumating ang araw ng pagpapasya ni Kaloy na sumapi sa BHB...
DELA CRUZ FAMILY
GAGALINGAN NAMIN, NINANG. AKO MISMO ANG MAGSASANAY KAY KALOY!
ABA, DAPAT LANG. ALDRIN, IKAW NANG BAHALA KAY KALOY.
HOY KALOY. WALA KA NANG TAGALABA DUN HA!
AY NAKU, SI NANAY! HANGGANG SA PAG-ALIS KO, GINAGALITAN PA RIN AKO. MAMIMISS KO RIN KAYO.
LAGI KANG MAG-IINGAT, ANAK.
OO NAMAN, 'NAY. MAHAL NA MAHAL KO KAYO!
WAKAS...

ARMAS-TK